ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Taon 3 • Blg. 50 | Abril 22-28, 2019 • | P10.00




Apela ni Imus City Mayor Emmanuel Maliksi sa mga kritiko...

# PLATAPORMA, 'WAG PO PROPAGANDA

pahina 2

## DOH DISTRIBUTES MORE ASSISTIVE DEVICES TO SENIOR CITIZENS OF CALABARZON

pahina11

## IMUS CITY'S ELDERLIES TO GET MEDICAL, MONETARY COMPENSATION

p.ahina 5

## PH's rated chesser Florentino Inumerable Jr. nakahanda na sa Chicago tourney

pahina 6

## PERANG INIPIT SA DIMPO, NABISTO SA KAHERA

pahina 12

## SENGLOT NA TSUPER NAGMANEHO, 6 KATAO SUGATAN NANG NAARARO

pahina 4



## CATRIONA GRAY, HANDANG LUMIPAD

**Mail Permit No. 2C-17-05-533**
Office of Entry: Bacoor City, Cavite
Entered as 1st Class

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136 / 0929-8127638

Apela ni Imus City Mayor Emmanuel Maliksi sa mga kritiko...

# PLATAPORMA, 'WAG PO PROPAGANDA

**ITO ang binigyang diin ni Mayor Emmanuel L. Maliksi, ng Imus City, Cavite, sa mga kritiko partikular sa makakatunggali nito bilang alkalde ng lungsod sa darating na halalan sa Mayo.**

May kaugnayan ito sa 'white paper' na ipinalabas at ipinamamahagi ng kabilang kampo.

Isinasaad sa naturang 'white paper' ang mga umano'y iregularidad sa legacy projects ng pamahalaang lungsod.

"Malinaw na ito ay isang fake news. Nakahanda po kami na ilatag at ipakita ang bawat dokumento na pawang nasa tama at maayos na magpapatunay na ang bawat proyekto ng ating city government ay lehitimo," ayon sa alkalde.

Bilang isa pang patunay na ang lahat ay nasa wasto ay nakahanda si Mayor Maliksi sa kung ano mang kaso ang nais ihabla sa kanya.

Sa kabila nito ay mas may karapatan pa dapat magreklamo ang alkalde gayunman ay siya (Maliksi) na mismo ang humiling sa mga kritiko o katunggali na kasuhan siya.

"Kasuhan nila ako, sa court, sa Ombudsman o kahit saan. Taas noo akong haharap dahil wala naman po tayong korapsiyon na pinairal o ginawa," ani Mayor Maliksi.

Ang legacy project ni Mayor Maliksi sa ilalim ng kanyang 'Team One Imus' ay nakasentro para sa kapakanan ng bawat mamamayan at ikakaunlad pa ng lungsod.

"Nasa election period tayo pero ang halalan ay isang araw lamang po iyan. Ang kampanyahan ay saglit lamang din 'yan. Kaya 'di natin kailangan ng propaganda sa halip ay plataporma. 'Iyan po ang dapat nating ihatag para makarating sa kaalaman ng mamamayan ng Imus," dagdag pa ni Mayor Maliksi.

Ang alkalde kasama si VM Cantimbuhan ay humarap sa mga mamamahayag partikular sa Cavite media kamakailan na ginanap sa Imus Polytechnic Institute, ang paaralan na isa sa kapaki-pakinabang na nakapaloob sa legacy projects ni Mayor Maliksi.

Ang legacy projects ni Mayor Maliksi ay kinabibilangan ng Senior Citizens' Wellness Centre, Eskwela Kooperatoba, Ospital ng Imus, Government Center, at marami pang iba.

Ang pamahalaang Lungsod ng Imus sa ilalim ng liderato ni Mayor Maliksi ay nakatanggap ng iba't ibang pagkilala katulad ng Seal of Good Local Governance (SGLG) and Good Financial Housekeeping awards at iba pa.

Tatakbo sa ikatlo at ikahuling termino si Mayor Maliksi bilang alkalde ng lungsod sa eleksiyon sa susunod na buwan. **ROMY SANTOS**




**"MALINAW PO, FAKE NEWS ITO"** — Ipinapakita ni Imus City Mayor Emmanuel Maliksi ang 'white paper' na nagsasaad ng mga maling balita o impormasyon na umano'y nagmula o ipinalabas ng kalaban.




**MASAYANG** humarap sina Mayor Maliksi at VM Cantimbuhan sa isang press conference na idinaos kamakailan.

# UNESCO, CPJ 'pleased' with PTFoMS work, initiatives




**MANILA** – The United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO) and the Committee to Protect Journalists (CPJ), an international body dedicated to the protection of journalists worldwide, have hailed the initiatives and work being done by the Presidential Task Force on Media Security (PTFoMS).

PTFoMS executive director, Undersecretary Jose Joel Sy Egco discussed recently with representatives of UNESCO and the CPJ the accomplishments registered by the task force in less than three years after its creation.

President Rodrigo Duterte created the PTFoMS soon after he assumed the presidency in 2016 in response to the violent assaults against media workers in the country, many of which have remained unresolved.

In their recent meeting with Egco, CPJ Asia program coordinator Dr. Steven Butler, CPJ board chair Kathleen Carroll, and Queensland University (Australia) Journalism and Communications chair, Prof. Peter Greste who represented UNESCO, have vowed to keep in touch with the PTFoMS for developments in Philippine journalism.

During their discussions, Egco pointed out that in its 2018 Global Impunity Index (GII) report, the CPJ noted with optimism that while the Philippines remained at its previous No. 5 ranking, it had significantly improved its status in terms of protecting journalists.Egco also highlighted the fact that the Reporters Without Borders (RSF) has also delisted the Philippines from the top 5 Most Dangerous Countries in the World for Journalists on December 2018.

PTFoMS chief investigator Police Lt. Col. Eder Collantes gave a rundown on the updates on cases of violence against media practitioners. Of the 58 victims in the Nov. 23, 2009 Maguindanao Massacre, 32 were journalists covering the filing of certificate of candidacy of then town mayor Ismael "Toto" Mangudadatu for Maguindanao governor. Mangundadatu, whose wife was one of the 58 massacre victims, subsequently ousted then Gov. Andal "Unsay" Ampatuan Jr. He earlier said press freedom in the country has significantly improved since PTFoMS' creation in 2016.

Egco reiterated his earlier promise to resign if the perpetrators of the 2009 Maguindanao massacre will not be convicted.

Among the others who attended the PTFoMS meeting with the UNESCO and CPJ representatives were Publishers Association of the Philippines Inc. (PAPI) President Nelson Santos and National Press Club vice president Paul Gutierrez. **(PNA)**

# USAP LANG

**JUNE BILLONES**
**0929-8127638**

## Habang may mga labing namamantikaan

MAYROONG pagbibida ang Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA).

Ang conviction rate ng mga drug cases sa bansa ay tumaas daw noong 2018.

Sa pinakahuling datos na ipinalabas ng ahensiya, 41,583 drug-related cases ang naihain sa mga korte noong 2018.

Sa nasabing bilang ay nasa 16,024 ang sinasabing may napanagot na.

Ang naturang conviction rate ay mayroong katumbas na 46.82 percent.

Higit umano itong mataas kung ikukumpra sa 35 percent rate noong 2017.

Ang bida pa ng PDEA, pinakamataas na conviction rate na ito hinggil sa mga kasong may kinalaman sa droga na kanilang inihain simula noong manungkulan si Director General Aaron Aquino noong 2017 sa ahensiya.

B r a v o … maganda…palakpakan…

Subalit mas kabilib-bilib kung ganap na masasawata o masusugpo ang problema ng droga sa bansa.

Ang katanungan lamang ay mangyayari o magkakaroon kaya ito ng katuparan?

Sabi nga, habang mayroong mga labing namamantikaan ay hindi ito mapuputol.

In short, tuloy lamang sa ligaya.

Ganoon din ang tungkol sa suliranin sa smuggling sa ating bansa.

Ngayon heto at binigyan ng ng police powers ang mga opisyal ng Bureau of Customs (BOC) upang labanan ang problema sa smuggling sa bansa.

Batay ito sa inilabas na kasunduan nina Customs Commissioner Rey Leonardo Guerrero at Finance Secretary Carlo Dominguez III sa ilalim ng Customs Modernization and Tariff Act.

Ibig sabihin ay ang mga customs officials, district collectors, deputy district collectors, police officers, agents, inspectors at mga guwardiya ay may kapangyarihan na o police authority kontra ismagling.

Isinasaad pa sa naturang agreement ang pagibibgay ng mga customs commissioners ng police powers sa mga opisyal at sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP).

Paiba-iba o ilang administrasyon na ang mga nagdaan, nagamot ba ang sakit ng smuggling?

Nasa poder ng BOC ang giyera kontra smuggling pero sa mga lumipas na mga panahon ay halos walang nangyayaring maganda.

Kumbaga ay sakit na ito na animo'y walang mabisang gamot o kalunasan.

Droga at ismagling? Sakit na itong maituturing na kahit mga dalubhasang manggagamot o iyong tinatawag na albularyo ay hindi na makakayanang gamutin ang mga ito.

Iba ang dikta ng salapi.



CAVITE PPMC JOINS THE 2019 SEARCH FOR OUTSTANDING LOCAL PROJECT MONITORING COMMITTEE IN CALABARZON

Cavite Provincial Project Monitoring Committee (PPMC) Chairperson and Provincial Planning and Development Coordinator Mr. Jesus I. Barrera welcomed regional evaluators from the National Economic Development Authority (NEDA), the Department of Budget and Management (DBM) and the Department of the Interior and Local Government (DILG) during the meeting and validation for the 2019 Search for Outstanding Local Project Monitoring Committee in Calabarzon held on April 16, 2019 at the Ceremonial Hall of the Provincial Capitol in Trece Martires City. Cavite PPMC, in a bid to advance its monitoring and evaluation activities joined the search and was among those shortlisted during the desk review on March 19 at the NEDA regional office in Calamba City, Laguna.

Ms. Gied Evangelista of NEDA IV-A provided a brief overview of the 2019 Search for Outstanding Local Project Monitoring Committee in Calabarzon with emphasis on the primary goal of the program to motivate Local Project Monitoring Committees and identify model LPMCs to provide a benchmark in terms of project monitoring and evaluation mechanisms.

Ms. Rujen A. Polo, OIC-CPMS of DBM-RO IV-A, Engr. Arnel Tolon of DILG-RO-IV-A and Ms. Evangelista carefully reviewed the prepared documents of the Cavite Local Project Monitoring Committee, which include the Executive Order that reorganized PPMC, trainings provided to members, work and financial plan, plus the project monitoring plan and accomplishments in 2018. During the validation, several points were discussed and areas for improvement were raised which will aid in the future initiatives of the PPMC and can be rolled out to the LPMCs in the different cities and municipalities in Cavite.

The evaluation committee also recognized some commendable accomplishments of the PPMC including the detailed field inspection reports with corresponding photos and project status which manifest the commitment of the members on their work to assess project implementation. The team also lauded the active participation of PPMC members from civic organizations who do not receive any remuneration for their partnership with the local government. On the other hand, Ms. Polo looked for committee reports and recommended that such documents be submitted to the regional project monitoring committee on a quarterly basis for full compliance.

Mr. Barrera took the opportunity to solicit suggestions and some tips to further improve the work flow and reporting system of the monitoring committee. He also asked on how the province can give incentives to members especially those from the non-government organizations. The PPMC secretariat also took note of how to monitor implementation schedule, with consideration to the targets and program of works, as per Engr. Arnel Tolon.

Over-all, the meeting which was attended by the OIC-Provincial Budget Officer Ms. Ma. Dulce Tangco, Provincial General Services Officer Ferdinand Belamide, Internal Auditor Maribel Bernal, OIC-Provincial Information Officer Evelyn Reyes and other committee members from different offices of the provincial government became a leap forward to further improve the system and efficiently carry out project monitoring tasks to achieve the dream of becoming the Most Outstanding Local Project Monitoring Committee in the region. (PICAD)

# EDITORYAL

## Gawing araw-araw ang Semana Santa

**TAPOS na ang pagselebra sa Holy Week subalit hindi nangangahulugan na bilang Kristiyano ay tapos na rin ang ating katungkulan.**

**Hindi lamang sa panahon ng Mahal na Araw dapat ipakita ang ating tungkulin bilang isang Kristiyano.**

**Sinasabing tuwing Semana Santa isinasagawa ng mga kapatid nating Kristiyano ang iba't ibang uri ng panata bilang kabayaran umano sa mga nagawang kasalanan sa loob ng nagdaang isang taon.**

**Bakit hindi natin ikonsidera na bawat araw tayo ay nasa panahon ng pagninilay?**

**Kailangan pa bang hintayin o sumapit pa ang Holy Week para sa pagbabawas ng ating mga kasalanan.**

**Minu-minuto, oras-oras at araw-araw tayo ay nakakagawa ng ating pagkakasala.**

**Gawin nating araw-araw ang Semana Santa sa ating isipan at puso.**

ADVERTISING RATES

**COMMERCIAL** --------- P200/col.cm
**LEGAL/NOTICES** ----- P160/col.cm

HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE BILLONES**
*Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*

**MARLON BAGUS**
*Associate Editor*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian, Kawit, Cavite
Contact Nos. 0977-7844136/ 0929-8127638
Email: **ronejed@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

***Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.***

# SENGLOT NA TSUPER NAGMANEHO, 6 KATAO SUGATAN NANG NAARARO

**SUGATAN ang anim na katao, kabilang ang talong kababaihan at isang meno de edad nang araruhin ng isang pampasaherong jeepney na minamaneho ng lasing na driver sa Bacoor City, Cavite.**

Pawang ginamot sa St. Dominic Hospital ang mga biktimang sina Donna Capellan Gunda, 30, dalaga, business processing, ng Blk. 3 Lot 9 Marigold St. F and E De Castro Subd. Brgy. Niog 3 Bacoor City; Beverly Amay Garcia, 40, ng Brgy. Ligas 1 Bacoor City; Marivic Saycon Bonilla, 35, may-asawa ng 141 Doña Alicia Subd. Brgy. Ligas 1 Bacoor City; Melanie Necesario Agting, 42, may-asawa, street vendor, ng 184 Brgy. Ligas 1 Bacoor City; Reggie Capellan Gunda, dalaga, college instructor, ng Blk. 3 Lot 9 Marigold St. F at E De Castro Subd. Brgy. Niog 3 Bacoor City; at alias Ivannah, 12.

Hawak naman na ng pulisya ang driver ng isang pampasaherong jeepney na si Leonardo Distor Martines, Jr., 69, ng Brgy. Nicolas 1 Bacoor City.

Sa ulat ni PSSG Mark Francis Cortes, ng Bacoor City Police Station, dakong alas-8:30 ng gabi sa harapan ng 7/11 Convenient Store sa Brgy Ligas 1, Bacoor City, kung saan lahat ng mga biktima ay nakatayo sa nasabing lugar habang naghihintay ng masasakyan nang bigla na lamang araruhin sila ng isang kulay green na pampasaherong jeepney (PMA 721) na minamaneho ng suspek.

Isinugod ang mga biktima sa ospital kung saan tanging si alias Ivannah ang napuruhan nang nabalian ito ng tadyang.

Nabatid na lasing ang driver kaya wala ito sa wisyo habang nagmamaneho.

Reckless imprudence resulting to Multiple injuries and damage to property ang isinampang kaso laban sa driver . **GENE ADSUARA**

# MMDA to strictly enforce provincial bus ban after Holy Week

**MANILA —** The Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) will strictly implement the provincial bus ban along Epifanio delos Santos Avenue (Edsa) and other major roads in Metro Manila, starting April 22, an official said Tuesday.

"Provincial buses must only use their designated terminals in picking up and dropping off passengers", said MMDA general manager Jojo Garcia in a press briefing.

Violators will be fined PHP500 for illegal loading and unloading.

Meanwhile, the MMDA is also set to conduct its dry run for the closure of bus terminals along Edsa after the Holy Week.

Bus operators will be obliged to use the Parañaque Integrated Terminal Exchange and the interim bus terminals in Valenzuela City and Santa Rosa, Laguna.

The agency will coordinate with the local government units of Pasay City and Quezon City, which have jurisdiction over the bus terminals along Edsa.

"We will write all concerned local government units for the eventual closure of the terminals along Edsa," Garcia said.

The Metro Manila Council, the MMDA's policy-making body, issued a regulation last March, prohibiting the issuance of business permits to all public utility bus terminals and operators and other public utility vehicles along Edsa.

MMDA is eyeing to remove all 47 bus terminals along Edsa by June. ***(PNA)***

# Quezon province awards LGUs with outstanding GAD Focal Point System

**LUCENA CITY, Quezon (PIA)-** The provincial government of Quezon has awarded plaque of appreciation and cash to local government units with outstanding gender and development focal point system through a ceremony at Quezon Convention Center here.

The recent activity was part of the provincial women's month celebration which was attended by more than 8,000 women mostly members of Kalipunan ng Liping Pilipina (KALIPI) from 40 towns of Quezon province.

Representative Anna Villaraza Suarez and Provincial Gender and Development Office (PGAD) head Ofelia Palayan led the awarding of plaques and cash prizes to outstanding city/municipal gender and development focal point system (MGADFPS) composed of the following:

MGADFPS-Mauban, Quezon (1st class municipality); MGADFPS- Polillo, Quezon- 3rd-class municipality; MGADFPS-Unisan, Quezon- 4thclass municipality and MGADFPS-Agdangan- 5th class municipality. The awardees received a plaque and a cash prize of P40,000.00.

MGADFPS-Pagbilao, Quezon (1st class municipality) and MGADFPS- Buenavista (4th class municipality) were also awarded as first runner-up and they received a plaque and cash prize of P35,000.00.

The second runner up was MGADFPS-Real while the third runner up was MGADFPS-Tagkawayan, Quezon which received a plaque and a cash prize of P20,000.00 and P15,000.00 respectively.

Meanwhile, MGADFPS – Unisan received a special award as best GAD initiative on child development MGADFPS-Mauban as best GAD implementer on barangay seal of local governance.

Awarding of outstanding municipal/city gender and development is one of the programs of the provincial government of Quezon and implemented annually through the provincial gender and development office.

Palayan said the program aims to promote gender equality and women empowerment.

"We also implement capacity building in the different municipalities/cities of Quezon province to increase awareness on gender and development."

She added that the provincial government has organized a provincial committee against violence against women , children and cyber pornography as well as Men Opposed to Violence Against Women and Children Everywhere (MOVE)-Quezon to promote gender equality and women empowerment in the province of Quezon **(Ruel Orinday, PIA Quezon)**




Naka-thumbs up si Gary "Mr. Panalo" Capulong na masugid na suporter ni Mayor Joseph "Erap" Estrada at ang kandidatong vice-mayor Amado Bagatsing nang sumama sila sa motorcade sa area ng District 1 Tondo, Manila. Kasama rin sa motorcade ang kandidatong Congressman Atong Asilo. **(Freddie M. Manalac)**

# Nagta-tattoo, dedo

**PATAY** ang isang 21-anyos na tattoo artist nang malaglag sa pagkakaangkas sa motorsiklo at tumama ang katawan sa railing ng kalsada sa Bacoor City habang sugatan ang driver nito sa Bacoor City, Cavite.

Hindi na naisalba ng mga doctor sa St. Dominic Hospital ang biktimang si John Jordan Jurilla, binata, ng 128-L Castro St., Bgry Tabing Dagat, Bacoor City dahil sa matinding pinsala sa katawan habang inoobserbahan naman si Mark Angelo Velasco, 22, encoder, ng 03, Philacres Village, Brgy Panapaan VI, Bacoor City.

Sa ulat ni Pat. Edilberto Reyes Jr., galing ang mga biktima sa isang college reunion sa Brgy Molino 3, Bacoor City, at papauwi na sila sakay ng isang Honda TMX na motorsiklo na may plakang 5217 VQ sa direksiyon ng Zapote Road dakong alas-3:30 ng madaling araw, kung saan driver ng nasabing motorsiklo si Velasco habang angkas nito si Jurilla nang pagsapit sa isang kurbada sa Molino Road malapit sa Prinza, Brgy San Nicolas 1 Bacoor City, nang nawalan ng kontrol ang manibela.

Dahil dito, tumama ang motorsiklo sa railing ng kalsada at nalaglag ang dalawa at tumama ang kanilang katawan sa railing.

Kapwa isinugod sa ospital ang dalawa subalit idineklarang dead on arrival si Jurilla. **GENE ADSUARA**



Binasbasan ng pari ang mga palaspas ng mga deboto habang iwinawagayway hudyat ito ng Semana Santa. Kuha ito sa Redemptorist Church sa BACLARAN, Paranaque City. **(JIMMY HAO)**

# IMUS CITY'S ELDERLIES TO GET MEDICAL, MONETARY COMPENSATION

**IMUS CITY, Cavite – The 'One Imus Legacy Team' will implement various programs for the city's senior citizens if they succeed in their re-election bid this May 2019 polls.**

In a press conference at the Imus Polytechnic Institute here on Monday, the "Team One Imus' represented by city mayor Emmanuel L. Maliksi and vice mayor Arnel Cantimbuhan, running for mayor and vice mayor, respectively, will add medicinal subsidy and monetary compensation on top of the current programs and privileges being extended to the city's senior citizens.

The tandem, likewise, committed to increase the senior citizens subsidy to Php1,600 per month.

The senior citizens of this city are currently receiving financial subsidy, medical assistance, free wheelchair and eyeglasses, aside from the free movie ticket.

The city also celebrates every 1st week of October the Senior Citizens week where the elderlies get pampering services, aside from the medical, dental check ups and livelihood opportunities.

The city also has a scholarship program where some slots are reserved for the grandchildren of senior citizens.

For centenarians, or those reaching their 100 years of age, aside from the Php100,000 cash gift from the national government, the city is also giving P100,000 from the city government fund, personally handed by Maliksi to the lucky beneficiary.

Another member of the team is Cavite 3rd District Representative Alex Advincula whose running un-opposed as he runs for the same post this May.

# Metro Manila Peace and Order Council sets 2020 roadmap

QUEZON CITY (PIA) — The Metro Manila Regional Peace and Order Council–NCR (RPOC-NCR) has formulated its plans until 2020 during its strategic planning workshop held in Bataan.

Members of the Council and the Secretariat came together to identify priority gaps and interventions, and ensure the alignment of the efforts of both the regional and local peace and order councils in the region. The workshop also became a venue for pitching proposals for policies, programs and projects as well as relevant continuing capacity development enhancement programs for its members.

Key officials from the 17 NCR local government units and national government agencies, member private organizations, and DILG-NCR City Directors were divided into four groups, based on the pillars of peace and order identified by the Council: Crime and Disorder, Anti-illegal Drugs, Preventing Violent Extremism and Insurgency, and Public Safety.

RPOC-NCR Chair Quezon City Mayor Herbert Bautista stressed the importance of anchoring the thrusts of the Council to the Regional Development Council (RDC), as peace is closely connected to development. He also expressed his hopes that the next chairperson of the Council will consider the results of the workshop, and sustain the accomplishments of the Council.

Under Bautista's leadership, the RPOC-NCR has been cited as one of the best peace and order councils in the country by the President, through the National Peace and Order Council (NPOC).

Among the achievements of the RPOC-NCR under the Quezon City mayor includes the holding of the first Peace and Order International Summit which brought together experts, advocates on peace and order from the different parts of the globe and local government unit functionaries to discuss practices, emerging trends and challenges on peacebuilding and security.

The Council also created policies which were adopted in the national level such as Community-Based Drug Rehabilitation that was adopted through DILG MC 2018-125, Security Protocols for Establishments, and Drug Clearing of Warehouses.

RPOC-NCR also interfaced with the RPOCs of Bohol and Samar to understand its best practices for the creation of policies to counter insurgency and violent extremism, which resulted to the signing of a memorandum of understanding with RPOC-8 for Council Sisterhood, a first among the RPOCs.

RPOC-NCR Secretariat Head DILG-NCR Regional Director Maria Lourdes Agustin noted that the activity will bolster the Council, by having a clear vision of what the organization has achieved and setting targets.

"For our Council, this activity is our time to rebuild something better – make better plans, picking our cue from the lessons that we learned in the past year. Continuing the things that we do best, as our foundation for innovations," she said. (PIA InfoComm)

# 2,077 na mag-aaral sa Quezon, maaring magkatrabaho dahil sa SPES

LUNGSOD NG LUCENA, Quezon (PIA)- Nakatakdang tulungan ng Department of Labor and Employment (DOLE) Quezon at ng mga lokal na pamahalaan sa lalawigan ng Quezon gayundin ng ilang mga pribadong tanggapan ang may 2,077 mag-aaral sa pamamagitan ng Special Program for Employment of Students (SPES) ngayong taong 2019.

Ayon kay Genecille Aguirre, focal person for employment ng DOLE-Quezon, layunin ng programa na matulungan ang mga mahihirap subalit matatalinong mag-aaral na makatapos ng kanilang pag-aaral sa pamamagitan ng pansamantalang pagtatrabaho sa mga lokal na pamahalaan at maging sa mga pribadong tanggapan . "Ang mga aplikante para sa SPES program na ito ay dadaan sa tamang proseso kagaya ng eksaminasyon, pagsusumite ng mga kailangang papeles o dokumento sa tanggapan ng public employment service office (PESO) kung saan ang PESO manager sa isang bayan ang magpoproseso ng mga papeles," sabi pa ni Aguirre

Kabilang sa mga lokal na pamahalaan na tutulong sa DOLE- Quezon sa pagpapatupad ng programa ay ang pamahalaang panlalawigan ng Quezon gayundin ang mga lokal na pamahalaan ng Atimonan, Calauag, Candelaria, Gumaca, Infanta, Lopez, Mauban, Mulanay, Pagbilao, Real, Tagkawayan, Guinayangan, Polillo gayundin ang Mc-Donald's Villa Escudero sa Tiaong at Aceba Science and Technology Institute, Inc.

Ayon sa DOLE-Quezon, 60 porsyento ng sweldo ng mga mag-aaral ay manggagaling sa mga nasabing employer o mga lokal na pamahalaan samantalang ang 40 porsyento ay manggagaling sa DOLE.

Ang iba pang bayan o lokal na pamahalaan na magiging katuwang ng DOLE sa pagpapatupad ng programa ay ang mga bayan ng Buenavista, Burdeos, Macalelon, Padre Burgos, Panukulan, Pitogo, Tayabas City at Unisan, Quezon kung saan 50 porsyento ng sweldo ng mga mag-aaral ay manggagaling sa mga employer o lokal na pamahalaan at ang 50 porsyento ay magmumula sa DOLE.

Tutulong din ang mga lokal na pamahalaan ng Agdangan, Alabat, Patnanungan at Sampaloc, Quezon kung saan ang 40 porsyento ng sweldo ng mga mag-aaral ay magmumula sa mga lokal na pamahalaan at ang 60 porsyento ay manggagaling naman sa DOLE. .

Kabilang sa mga papasukang trabaho ng mga mag-aaral sa mga lokal na pamahalaan ay clerical position, service crew naman sa mga restaurant at iba pang posisyon sa mga pribadong tanggapan. (Ruel Orinday, PIA-Quezon)




Nag-motorcade sa area ng District 1 Tondo Manila si dating Congressman Atong Asilo at siya ay namigay ng t-shirts at mga bola sa kanila dinadaang lugar. Muli siyang kandidato bilang congressman. **(Freddie M. Manalac)**




# BARANGAY CHAIRMAN DHANIE CASASOLA SR. MASUGID NA SUPORTER NG ISANG MAYOR

MATAGAL NG SINUSUPORTAHAN ni Ginoong Dhanie Casasola, Sr. ang kandidatura ni Mayor Joseph "Erap" Estrada sa Manila.

Nang maging Barangay Chairman si Mr. Casasola na Barangay 129, District 1 Zone 11 ay marami siyang na tulungan lalo na ang mga Senior Citizens at ang mga mahihirap sa kanyang nasasakupan.

Nagpalagay siya ng mga steel gate sa mga iskinita na kanyang nasasakupan upang hindi ito pasukin ng mga masasamang tao o mga nangugulo sa lugar.

Nagpatayo din sya ng basketball court para sa mga kabataan at Barangay outpost para mabantayan maigi ang tao sa kanyang lugar.

Sa pinakitang sipag ng kanyang mga kagawad at Tanod sa pamumuno niya ay tinanghal na Most Outstanding Barangay ang kanyang Barangay 129 taong 2014 at outstanding District taong 2017.

Mga Drug pushers at Drug Addict ay kanyang pinasuko at ang mga ito ay kanyang inalagaan sa tulong na rin ng local government.

Ayon kay Mr. Casasola si Mayor Estrada ay laging handang tulungan ang kanyang Barangay sa ano mang oras na kailangan niya ito.

Tuwing araw ng kapaskuhan ay napapadala ito ng mga grocery items sa mga mahihirap.

Nilagyan ng mga poste na may ilaw ang kalye Honorable Lopez at Rodriquez at naglagay din si Mayor Estrada ng Multi Purpose.

Tinulungan din ang mga nasunugan sa kanyang lugar ni Mayor Estrada at binigyan ang mga ito ng mga materyales upang maayos muli ang kanilang tirahan.

Si Vidal Doble, Jr. ang kanyang administrator sa Barangay.

Lubos na nagpapasalamat si Mr. Casasola kay Mayor Estrada sa mga binibigay na malaking tulong sa kanyang barangay.

Hanggang ngayon ay matinding supporter pa rin ang ginagawa ni Mr. Casasola sa pagtakbo bilang Mayor ng Manila si Mayor Joseph "Erap" Estrada.

# LEGACY PROJECTS
## MODERN • GREEN • SUSTAINABLE

Kasunod ng "Kongkretong Programa" at "Epektibong Lingkod Mamamayan," ang Pamahalaang Lungsod ng Imus, sa pangunguna ni **Punong Lungsod Emmanuel L. Maliksi** ay patuloy na maghahatid ng makabago (Modern), makakalikasan (Green) at pangmatagalang (Sustainable) programa sa tulong ng **LEGACY PROJECTS** nito.



Una na rito ang **Wellness Centers** para sa mga senior citizen sa tulong ng Office of the Senior Citizens Affairs (OSCA) at Imus Senior Citizens Association Inc. (IMUSCAI). Sa pagsisimula ng taon, patuloy din ang paghahatid ng serbisyo para sa health and wellness maging sa livelihood ng mga senior citizen sa lungsod.

Tuloy-tuloy din ang pagtaas ng bilang ng miyembro ng **Eskwela Kooperatiba** sa pangunguna ng City of Imus Cooperative, Livelihood and Entrepreneurial, and Enterprise Development Office (CICLEDO). Hinihikayat ng programang ito ang pag-iipon at pagtitipid kahit sa murang edad pa lamang.



Dahil bida ang mga kabataan sa lungsod, inilunsad din ang **BIDA KArd** sa pangunguna ng CICLEDO at City of Imus Local Council for the Protection of Children (LCPC). Ito ang kauna-unahang child-welfare card sa bansa na naghahatid ng discounts at pribilehiyo sa mga kabataang Imuseño.



Kabilang din sa mga programa ang **Cognitive Behavioral Therapy (CBT)** Program, isang programa na tumutulong sa mga drug surrenderer sa pamamagitan ng paghahatid ng mga bagong kakayahan upang sila ay higit na makatulong sa kanilang pamilya at komunidad.

Noong ika-5 ng Oktubre, inilunsad naman sa Barangay Malagasang II-F ang **Organic and Urban Farming** kasama ang City Agriculture Services Office. Ito ay isang paraan ng pagtatanim kung saan gumagamit ng mga natural o likas na pataba.



Kabilang din sa programang ito ang urban gardening tulad ng hydrophonics at aquaphonics na siyang nagsisilbing alternatibong paraan ng pagtatanim na hindi nangangailangan ng malawak na sakahang lupa.



Katuwang si Congressman Alex "AA" L. Advincula, noong ika-12 ng Oktubre, magkakasunod na binuksan ang **Ospital ng Imus**, Track Oval at Grandstand sa Barangay Malagasang I-G para sa abot-kayang serbisyong medikal at pagpapanatili ng magandang kalusugan ng mga mamamayang Imuseño. Kasunod din nito ang groundbreaking ng itatayong **Government Center** para sa mas maayos at agarang serbisyo-publiko.



Opisyal na inilunsad din ang ikalawang bahagi ng Gawad Kalinga Project o **Proyektong Pabahay** noong Oktubre 23 sa Gawad Kalinga Alapan Site, Barangay Alapan II-B na magbibigay tulong sa mahigit 120 na pamilya mula sa Barangay Palico I, II at III.

Kasama rin sa tinututukan ng legacy projects ang pangangalaga ng kapaligiran. Bahagi ng programa ang **Green Schools Program**, isang programang pangkalikasan para sa mga paaralan sa lungsod na gumagamit ng Solar Energy System, Rain Water Harvesting System at Sewerage Treatment Plant (STP) para sa pangangalaga ng kapaligiran. Kasabay din nito ang pamamahagi ng e-vehicles sa mga pampublikong paaralan sa lungsod.



Bukod dito ay ang **E-Vehicle** kung saan napapaloob ang transisyon ng fuel-powered tricycles sa electric tricycles. Ito ay gagamitin sa paligid ng bagong City Government Center at growth areas kagaya ng mga subdivision.



Kasunod ng malawakang kaunlaran ng Lungsod ng Imus ay ang matayog na pagwagayway ng sigla at tunay na "Ganda ng Imus" na nasasalamin sa pagkakaisa ng mga namumuno, mga karangalang iginawad sa lungsod, mga epektibong programa at aktibong partisipasyon at suporta ng mga mamamayang Imuseño.

# MAUNLAD AT NAGKAKAISANG IMUS

Matagumpay ang mga nagdaang taon sa Lungsod ng Imus. Mula sa mga pagkilala na natanggap nito sa iba't ibang pribado at pampublikong institusyon, hanggang sa mga epektibong programa na naisagawa ng Pamahalaang Lungsod para sa mga mamamayang Imuseño.

Ilan sa mga natatanging karangalan na natangap nito ang Seal of Child-Friendly Local Governance na nakamit ng lungsod sa limang (5) magkakasunod na taon; Environmental Compliance Audit (ECA) Platinum Award na iginawad sa Imus buhat sa mga programa nito para sa pagsulong ng kalinisan at kaayusan ng kapaligiran; 2018 National ADAC Performance Silver Award kung saan ang Lungsod ng Imus lamang ang natatanging kinilalang lungsod sa buong lalawigan ng Cavite para sa mga hakbang nito laban sa ilegal na droga; at Economic Dynamism 3rd Placer buhat sa mga programa ng lungsod tungo sa mataas at maunlad na ekonomiya.



Ang Lungsod ng Imus ay kinilala rin sa larangan ng peace and order, kooperatiba, pagnenegosyo, employment at mabuting pamamahala.

Kabilang sa mga tinutukan ng pamahalaan na naghatid ng mga pagkilala at malawakang kaunlaran sa lungsod ang kaayusan, kabuhayan at negosyo ng mga mamamayan, mataas na kalidad ng edukasyon para sa lahat, maayos na kalusugan ng bawat Imuseño, malinis na kapaligiran, pagpapatayo ng mga pampubliko at kinakailangang imprastraktura, maayos at maunlad na agrikultura, pagpapaunlad ng turismo at pagpapahalaga sa iba't ibang sektor sa lungsod na kinabibilangan ng mga kabataan, kababaihan, senior citizen at persons with disability.

Sa tulong ng nagkakaisang Imuseño, siguradong patuloy ang pag-asenso.

# MGA PARANGAL AT PAGKILALA

2018 Good Financial Housekeeping Project — 2019

ADAC 2018 National Performance Silver Award — 2018

Seal of Child-Friendly Local Governance — 2018

Manila Bayanihan City of Imus Platinum Award — 2018

City of Imus 3rd Place in Economic Dynamism — 2018

Philippine Quality Challenge PQC 2017 Awardee — 2017

Seal of Good Local Governance — 2017

GAPAS Award Gawad sa Paglilingkod sa Sambayanan — 2019

Rank 1 Peace and Order Council Performance Audit C.Y. 2017 — 2018

Rank 3 Anti-Drug Abuse Council Performance Audit — 2018

Top Performer Award — 2018

Most Outstanding Public Library in the Philippines — 2018

Laboratory Cooperative Champion — 2018

Masidhing Paghanga Award — 2018

Finalist for Most Business-Friendly City — 2018

3rd Place Winner City of Imus — 2018

Best PESO in Cavite — 2018

ESWM Special Recognition of Local Government Unit on Ecological Solid Waste Management — 2018

Salamat Po! Award — 2018

The Luminaries Outstanding LGU — 2017

## HANEP SHOWBIZ

# CATRIONA GRAY, HANDANG LUMIPAD



**HANDANG lumipad sa himpapawid si 2018 Miss Universe Catriona Gray.**

Hindi lang basta paglipad siyempre ay may kasa-kasama ring aksiyon.

Ready kasi si Catriona for audition sa pagganap bilang Pinoy superhero na Darna.

Aminado ang beauty queen na medyo napupurol na siya sa larangan ng acting.

But for Catriona, she is very willing na pag-aralan o matutuhan ang acting.

Halata kay Catriona ang kagustuhan na maging si Darna kaya sabi niya at palalagpasin ang oportunidad sa audition.

Dapat ay si Liza Soberano ang gaganap na Darna iyon nga lamang ay hindi pa gumagaling ang kanyang injury.

Balik tayo kay Catriona, sa katatapos na Holy Week ay halos wala rin siyang pahinga dahil tuloy sa kanyang trabaho.

Para kay Catriona, ang Holy Week ay hindi iyong kung nasaan kang lugar o ikaw ay nasa bakasyon bagkus ang mahalaga ay ang tunay at tapat na paniniwala.

Before Holy Week ay nagawa niyang makabalik ng Pilipinas

para sa ilang commercial endorsement.

Hayun at balik uli ng New York na headquarters ng Miss Universe Organization.

Sa super bilis na bakasyon sa 'Pinas ay masaya naman si Catriona.

Next month ay aasahan naman natin ang muling pagbabalik niya sa 'Pinas.

Sa Hunyo ang coronation night ng 2019 Binibining Pilipinas at doon ay kokoronahan na ang bagong batch ng mga magiging kinatawan ng ating bansa sa iba't ibang major beauty international pageant

Meaning ay handing lumipad uli ni Catriona sa susunod na buwan, Ding ang 'bato' hahaha Darna.

@@@

**SA WAKAS**

Bakas sa mukha ni Geoff Eigenmann ang labis na tuwa matapos inanunsuyo ang tungkol sa engagement nila ng girlfriend niyang singer na si Maya Flores.

Sila ay may anak na, ang kanilang panganay na si Arabella ay dalawang taon gulang na.

